

Pagprotekta sa Mga Empleyadong mula sa Temporary Agency

Ang mga empleyadong mula sa temporary agency ay nagtatrabaho para sa isang “host employer” ngunit nagtatrabaho sila sa ilalim ng isang “pangunahing employer.” Ang pangunahing employer ay maaaring:

1. Isang temporary (temp) agency na kumukuha ng mga manggagawa at nagpapadala sa kanila upang magtrabaho para sa isang host employer, o kaya ay
2. Isang professional employer organization (PEO) na naglalagay sa mga empleyado ng isang host employer sa ilalim ng PEO bilang mga sariling empleyado nito.

Sa ganitong mga sitwasyon kung saan dalawa ang employer, dapat protektahan ng pangunahing employer at ng host employer ang mga empleyado sa mga banta sa kaligtasan at kalusugan at sumunod sa mga regulasyon ng Cal/OSHA.

Isang Totoong Kaso ng Pagkasawi

Nasawi ang isang pansamantalang manggagawa dahil sa pagkakasabit sa nakalantad na rotating shaft ng isang mixer habang naghahalo ng industrial adhesive. Kung natukoy ng host employer ang mga panganib ng pagtatrabaho malapit sa mixer at pinrotektahan nito ang manggagawa laban sa mga ito, buhay pa sana siya ngayon.

Dapat gawin ng mga pangunahing employer ang mga sumusunod:

- Gumawa ng makakatuwirang hakbang upang suriin ang mga kundisyon sa lugar ng trabaho ng host employer sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pana-panahong pagsisiyasat.
- Tiyaking nasasaklaw ang kanilang mga empleyado ng isang epektibong Programa para sa Pag-iwas sa Pinsala at Sakit (Injury and Illness Prevention Program o IIPP) at iba pang mga programang pangkaligtasan na kinakailangan para sa nakatalagang trabaho, at tiyaking wasto silang sinanay at mayroon sila ng kinakailangang personal na kagamitang pamproteksyon.
- Ipaalam sa mga empleyado na kung italaga sila sa trabahong makatuwiran nilang paniniwalaan na mapanganib, maaari nilang tanggihang gawin ang trabahong iyon at maaari silang bumalik sa pangunahing employer para sa muling pagtatalaga sa ibang trabaho nang hindi pinapatawan ng parusa.


Ang pangunahing employer ang nagbibigay sa suweldo ng empleyado, nangangasiwa sa insurance sa bayad-pinsala ng mga manggagawa, at maaari itong magpanatili ng kapangyarihan sa pagkuha at pagsisisante ng mga empleyado. Ang host employer (na tinatawag ding secondary employer) ang nangongontrata para sa mga serbisyo ng manggagawa at nangangasiwa sa empleyado sa lugar ng trabaho ng host employer.

Tandaan: Ang mga sitwasyong dual-employer, kung saan dalawa ang employer ng isang empleyado, ay naiiba sa mga lugar ng trabaho na multi-employer, kung saan may mga manggagawa ang dalawa o higit pang mga employer, tulad sa isang construction site. Gayunpaman, posibleng magkaroon ng sitwasyong dual-employer sa isang lugar ng trabaho na multi-employer. Upang madagdagan ang nalalaman tungkol sa mga lugar ng trabaho na multi-employer, sumangguni sa [Titulo 8 ng California Code of Regulations \(T8 CCR\), seksyon 336.10.](#)

Responsibilidad ng Employer

Sino ang responsable para sa mga empleyadong mula sa temporary agency?

Parehong responsable ang pangunahing employer at ang host employer para sa mga empleyadong mula sa temporary agency.



Inirerekomenda ng [Cal/OSHA](#) na isaad ng pangunahing employer at ng host employer sa kanilang kontrata ang mga kaukulang responsibilidad nila para sa pagsunod sa mga naaangkop na regulasyon ng Cal/OSHA. Gayunpaman, hindi inaalis ng ganoong kontrata ang legal na obligasyon ng bawat employer na protektahan ang mga empleyado.

Mga Kinakailangan para sa Mga Employer

Dapat sundin ng pangunahing employer at ng host employer ang lahat ng naaangkop na batas sa paggawa sa California at pamantayan ng Cal/OSHA na nasa [T8 CCR](#). Dapat ay may nakasulat, epektibo at ganap na ipinapatupad na Injury and Illness Prevention Program (IIPP) na pumoprotekta sa mga empleyado ang mga pangunahing employer, tulad ng iba pang mga employer sa California.

Dapat magpatupad ang pangunahing employer at ang host employer ng mga partikular na programang pangkaligtasan tulad ng inaatas na mga regulasyon ng Cal/OSHA, depende sa kalagayan ng trabaho at sa uri ng trabahong isinasagawa.



Mga Piniling Paksa para sa Mga Kumpanyang Kumukuha ng Empleyado


Dapat sanayin ng mga employer ang kanilang mga empleyado na ligtas nilang isagawa ang kanilang mga trabaho. Kasama dapat sa pagsasanay ang pagtukoy ng panganib, pag-iwas na ma-expose, at mga ligtas na kasanayan sa trabaho. Dapat ituro sa mga empleyado na sundin ang mga tagubilin ng mga manufacturer at ipaalam sa kanila ang tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa mga regulasyon ng Cal/OSHA.



Sa pangkalahatan, dapat tiyakin ng pangunahing employer na nakakatanggap ang mga empleyado ng wastong pagsasanay. Gayunpaman, kahit nagbigay na ng pangunahing pagsasanay ang pangunahing employer, dapat ibigay ng host employer ang pagsasanay na partikular sa lugar ng trabaho na naaangkop sa mga partikular na gawain at kundisyon sa pagtatrabaho ng mga empleyado. Sa ganoong mga sitwasyon, dapat tiyakin ng pangunahing employer na sapat na natutugunan ng pagsasanay ng host employer ang lahat ng potensyal na panganib.

Pagpapanatili ng Talaan

Alinsunod sa mga regulasyon sa pagpapanatili ng talaan sa [T8 CCR 14300-14300.48](#), kinakailangang itala ng mga employer sa California ang mga pagkasawi, pinsala at sakit na nauugnay sa trabaho ng kanilang mga empleyado.



Sa mga sitwasyon kung saan araw-araw na pinapangasiwaan ng pangunahing employer ang mga empleyado, responsable ang pangunahing employer para sa mga talaan ng pinsala at sakit. Sa mga sitwasyon kung saan parehong may tungkulin sa pangangasiwa ang kumpanyang kumukuha ng empleyado at ang host employer, dapat magkasundo ang dalawang employer tungkol sa pagpapanatili ng talaan. At sa mga sitwasyon kung saan may ganap na kontrol sa pangangasiwa sa mga empleyado ang host employer, responsable ang host employer sa pagpapanatili ng mga talaan ng pinsala at sakit. Matatagpuan sa [T8 CCR 14300.31](#) ang mga kinakailangan sa pagpapanatili ng talaan para sa mga sitwasyong dual-employer.

Tandaan: Ang log ng isang employer lang dapat ang maglaman ng tala ng mga pinsala at sakit ng mga empleyado. Gayunpaman, dapat iulat ng mga kumpanyang kumukuha ng empleyado at ng mga host employer ang malulubhang pinsala at sakit na natatamo sa trabaho sa Cal/OSHA alinsunod sa [T8 CCR 342](#), subsection (a).

Mga Ligtas na Kasanayan sa Trabaho para sa Mga Pangunahing Employer

May ilang karaniwang ligtas na kasanayan sa trabaho sa ibaba na maaaring makatulong sa mga pangunahing employer na gampanan ang kanilang responsibilidad na panatilihin ligtas at malusog ang mga empleyado sa lugar ng trabaho ng isang host employer:

- Alamin ang mga panganib sa trabaho sa lugar ng trabaho ng host employer. Makipagkasundo sa host employer tungkol sa kung sino ang magiging responsable sa pagbibigay ng kinakailangang pagsasanay para sa mga empleyado.
- Makipagtulungan sa host employer upang matukoy ang mga bahagi sa lugar ng trabaho na nagbibigay ng panganib sa mga empleyado, tiyaking nagpapatupad ng mga naaangkop na kontrol upang protektahan ang mga empleyado, at tiyaking sinusunod ang mga pamantayan ng Cal/OSHA.
- Manatiling nakikipag-ugnayan sa mga empleyado at regular na bantayan ang kanilang kaligtasan at kalusugan sa trabaho.
- Ganap na lumahok sa mga pag-iimbestiga ng mga aksidenteng nakakaapekto sa mga empleyado upang malaman ang mga pinagsimulan ng dahilan, hindi lang ang mga resultang problema. Dumalo sa mga imbestigasyon, at tulungan ang mga host employer sa pagsasagawa ng makabuluhang hakbang sa pagwawasto.
- Tandaang maaaring magtrabaho ang mga empleyado gamit ang iba't ibang tool at kagamitan. Dapat ipaalam sa mga empleyado na kinakailangan nilang magsanay alinsunod sa mga tagubilin ng manufacturer at host employer para sa paggamit sa mga partikular na tool at kagamitan.
- Ibigay ang pagsasanay at edukasyong kinakailangan ng mga empleyado upang magpanatili ng mga lisensya o sertipikasyong hinihingi ng host employer.



Pakikipag-ugnayan sa Cal/OSHA Consultation Services

Mga Inilalathala: www.dir.ca.gov/dosh/PubOrder.asp

Mga Programa para sa Konsultasyon: www.dir.ca.gov/dosh/consultation.html

Toll-free na Numero: **1-800-963-9424**

Mga Tanggapan sa Lugar para sa On-site

Assistance Program:

Central Valley: 559-454-1295; San Diego/Imperial: 619-767-2060

No. California: 916 263-0704; San Bernardino: 909-383-4567

SF/Bay Area: 510-622-2891; San Fernando Valley: 818-901-5754

La Palma/LA/Orange: 714-562-5525

Hindi ginawa ang dokumentong ito upang magsilbing kapalit ng o legal na paliwanag sa mga regulasyon sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho. Dapat direktang sumangguni ang mga mambabasa sa Titulo 8 ng California Code of Regulations at sa Labor Code para sa detalyadong impormasyon tungkol sa saklaw, mga detalye at mga pagbubukod ng regulasyon at para sa iba pang mga kinakailangan na maaaring naaangkop sa kanilang mga operasyon.